**Kabataang Pilipino: Pag-asa o Problema ng Bayan?**

## III. ANG TATLONG KAAWAY NA SANHI NG MGA PRESSURES IN LIFE

Dahil sa kasalanan, ang dating makadiyos na kalikasan ng tao ay napalitan ng makasariling kalikasan. Ang puso at isip ng tao ay naging corrupt at nagdilim. Bawat tao ay nakakaranas ng internal pressure bunga ng pangsariling pagnanasa at pagiging makasarili.

Dahil sa pagiging makasarili, sooner or later magbabanggaan ang mga tao. Ang pressure na nanggagaling sa ibang tao ang maaaring nagiging source of pressure mo. Ito ang tinatawag na *external pressure* kung saan ang maaaring panggalingan nito ay mga kaibigan (*peer pressure*), kasamahan o ibang tao (*pressure from society*) or iba't-ibang media gaya na lang ng telebisyon or internet. Ito ang ikalawang pinagmumulan ng pressure, ang mundo.

**TIME OUT**

Bukod sa sarili, ano pa ang ibang nagiging source of pressure ng tao?

______________________________________________________________

Ano ang mga halimbawa ng *external pressure*?

______________________________________________________________

**PAG-ARALAN:**
Basahin ang mga kwento at sagutin ang mga tanong.




**Job 1-2:1-10 (Summary)**

Si Job ay mabuting tao, sumasamba sa Diyos. Maganda ang kanyang katayuan sa buhay. Mayroon siyang asawa at mga anak, maraming tagapaglingkod at tinuturing na pinakamayaman sa buong silangan.

Dahil dito, namataan siya ni Satanas kaya't humingi ito ng pahintulot sa Diyos na siya ay subukin.

Dalawang beses na nakaranas ng matinding pagsubok si Job. Noong una, nalipol ang mga anak ni Job at naubos ang kanyang kayamanan. Nang ikalawa, tinadtad siya ng nagnanaknak na sugat sa buong katawan mula ulo hanggang talampakan. Sa kabila ng mga pangyayaring ito, hindi niya sinisi ang Diyos.

Habang nakaupo si Job sa tabi ng basurahan at kinakamot niya ng isang pirasong basag na palayok ang kanyang mga sugat, sinabi ng kanyang asawa, "Mananatili ka pa bang matuwid? Sumpain mo ang Diyos at nang mamatay ka na!"

Ang sagot naman ni Job, “Hindi mo naiintindihan ang iyong sinasabi. Pagpapala lang ba ang tatanggapin mo sa Diyos? Hindi ba natin tatanggapin kung bigyan niya tayo ng pagdurusa?” Sa kabila ng kanyang paghihirap, hindi nagsalita si Job ng laban sa Diyos.

**Daniel 3: 1-18 (Summary)**

May apat na Judio na sumasamba sa Diyos ang ginawang mga pinuno sa bansang Babilonia. Naglingkod si Daniel malapit sa palasyo habang sina Shadrach, Meshach at Abednego naman ay magkasamang naglingkod malapit sa Babilonia.

Si Haring Nebuchadnezzar ang namamahala sa Babilonia. Ang lahat ng kanyang utos ay kinakailangan na sundin ng lahat. Nagpagawa siya ng isang mataas na rebulto na yar isa ginto. Nagpalabas siya ng kautusan para sa lahat ng tao mula sa lahat ng bansa, na sa sandaling marinig nila ang tunog ng iba’t-ibang instrumento lahat ng tao ay dapat na lumuhod at sumamba sa pinagawang rebulto. Ang sinumang hindi sumunod ay ihahagis sa loob ng isang nagniningas na pugon.

Nang tumunog ang mga instrumento, ang lahat ng tao ay lumuhod maliban kina Shadrach, Meshach at Abednego. Alam nila na ang Diyos lamang ang kanilang dapat na sambahin at wala ng iba pa. Bagamat alam nila na maaari silang maitapon sa nagniningas na pugon, pinili nilang sundin ang Diyos.

Nalaman ni Haring Nebuchadnezzar ang pagsuway nang tatlo na siyang ikinagalit nito. Pinatawag ng hari ang tatlo at tinanong kung bakit hindi nila sinunod ang kanyang utos. Sinabi nina Shadrach, Meshach at Abednego, “Mahal na haring Nebucadnezar, wala po kaming masasabi sa inyo tungkol sa bagay na ito. Gawin ninyo kung iyan ang gusto ninyo. Ang Diyos na aming pinaglilingkuran ang magliligtas sa amin sa naglalagablab na pugon at mula sa inyong kapangyarihan. Kung hindi man niya kami iligtas, hindi pa rin kami maglilingkod sa inyong mga diyos ni sasamba sa rebultong ginto na ipinagawa ninyo.”

1. Anong klaseng tao si Job?

   ________________________________________

2. Saang bahagi ng kwento nakaranas ng *external pressure* si Job?

   ________________________________________

3. Anong klaseng tao sina Shadrach, Meshach at Abednego?

   ________________________________________

4. Saang bahagi ng kwento nakaranas ng *external pressure* sina Shadrach, Meshach at Abednego?

   ________________________________________

**PAG-USAPAN:**

Inilalarawan si Job bilang isang taong walang kapintasan at matuwid, at may takot sa Diyos. Buo ang kanyang pagtitiwala sa Diyos sa kabila ng mga masamang bagay na nangyari sa kanya.

Sa isang bahagi ng kwento ng kanyang buhay, ipinakita na nakaranas siya ng *external pressure* mula sa kanyang asawa habang nakakaranas ng pagsubok.

Balikan ang kahulugan ng *pressure*. Bilugan ang uri ng *pressure* na ginamit ng asawa ni Job sa kanya.

panghihikayat | impluwensya | pananakot

Tulad ni Job, sina Shadrach, Meshach at Abednego ay mga taong may takot sa Diyos. Ang Diyos lamang ang kanilang sinasamba at pinaglilingkuran.

Sa kanilang pagiging mga opisyal na nagsisilbi sa hari, nakaranas sila ng external pressure sa pamamagitan ng batas na ginawa ng hari. Kung hindi sila susunod sa batas na ito, sila ay ipapatapon sa nagniningas na pugon. Bagamat alam nila na maaari nilang ikamatay ito, hindi pa rin nila sinunod ang sinabi ng hari.

Tignan muli ang kahulugan ng salitang pressure. Bilugan ang uri ng pressure na ginamit ng hari kila Shadrach, Meshach at Abednego.

panghihikayat | impluwensya | pananakot

Kung babasahin ang mga sumunod na nangyari sa buhay nilang apat, makikita kung paanong patuloy na nagtiwala ng lubos ang mga ito sa Diyos. Pinagaling ng Diyos ang mga sugat ni Job at muling pinagpala ng mga materyal na bagay habang sina Shadrach, Meshach at Abednego naman ay hindi napahamak sa loob ng pugon at nakalabas ng buhay ng walang anumang sunog o galos sa katawan.

Sa panahon ngayon, iba't-iba ang pinagmumulan ng external pressure at iba't-iba rin ang paraan. Kung babalikan natin ang pagkalikha ng sansinukob at ng tao, laging sinasabi ng Diyos ang mga katagang, *It is good* matapos Niya itong pagmasdan. Lahat ng bagay na Kanyang nilikha ay nagbigay kasiyahan sa Kanya. Ibig sabihin walang pangit na nilikha ang Diyos.

Kapansin-pansin sa ating society ngayon ang walang katapusang body-shaming o kaya naman ay pamimintas ng mga tao sa isa't-isa. Kaya naman ang lahat ay pilit na nakiki-ride sa kung ano ang maganda ayon sa standard ng society o kung ano ang uso o katanggap-tanggap sa mata nila. Kapansin-pansin din kung paano nagiging self-centered ang tao through social media. Kapag

ang nakita nila sa iyo ay hindi acceptable sa standard nila, asahan nating isang katutak na panlalait at pamimintas ang tatanggapin mo.

Lantad na lantad ang pressure ng mundo sa fashion. Papalit-palit ang uso sa pananamit kaya naman ang isang kabataan ay gagastos ng gagastos para lang makasunod sa kung ano ang uso. Bukod sa fashion, nariyan din ang mga produktong pampaganda o pampaputi sapagkat para sa karamihan, maganda ang maputing balat. Naroon ang pagnanais na hangaan sila ng ibang tao.

Ano pa ang ibang halimbawa na naiisip mo kung paanong ang society o social media ay nagbibigay ng pressure sa isang kabataang tulad mo? Isulat ang iyong sagot.

Pag dating naman sa mga palabas sa telebisyon o kaya ay pelikula *local or international*, may mga napapasin ka bang halimbawa kung paanong nagbibigay ito ng pressure sa iyo? Magbigay ng mga halimbawa.

Malaki ang impluwensya ng society, social media, technology, mga palabas sa telebisyon at pelikula, at mga sikat at influential personalities sa pamumuhay ng bawat isa sa atin. Kadalasan ang mga impormasyon na makikita na itinuturo ng mga ito ay taliwas palagi sa sinabi ng Diyos. Piliing tularan ang halimbawang ipinakita nila Job, Shadrach, Meshach at Abednego.

Handa ka na bang paglabanan at pagtagumpayan ang mga *external pressures* na kinakaharap mo?

**PAG-BULAYBULAYAN:**

1. Sa paanong paraan mo mapaglalabanan ang hindi mabuting gawain, pananalita o pag-iisip na mula sa iba't-ibang *source* ng *external pressure* na iyong napag-aralan? Magbigay ng *specific* na halimbawa.

| | |
|---|---|
| Natutunan ko na | ang pangalawang pinagmumulan ng pressure ay: |

**Verse of the Day:**

Huwag kayong makiayon sa takbo ng mundong ito. Sa halip, hayaan ninyong baguhin ng Diyos ang inyong pag-iisip upang maunawaan ninyo ang Kanyang kalooban. Sa gayon magagawa ninyo kung ano ang mabuti, kalugod-lugod at ganap na kalooban ng Diyos.

**Roma 12:2**